GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

# 7

QUARTER 2

DEPED - ANGELES CITY
CURRICULUM IMPLEMENTATION DIVISION

# CABLE

## CONTEXTUALIZED ACTIVITY-BASED LEARNING EXERCISES

(ACTIVITY BASED LEARNING MATERIALS ON CRITICAL CONTENTS FOR FACE TO FACE CLASSES)

DEPARTMENT OF EDUCATION - SCHOOLS DIVISION OF ANGELES CITY
Jesus St. Pulungbulo, Angeles City

**CABLE – Grade 7**
**Quarter 3 – All Subjects**
**First Edition, 2022**

Republic Act 8293, section 176 states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this module are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

## INTRODUCTION

This Project CABLE (Contextualized Activity-Based Learning Exercises) is a collaborative project of all the Education Program Supervisors of SDO Angeles City, in coordination with Public Schools District Supervisors.

This has been conceptualized in order to help address the present gaps on learning materials especially on critical contents. The situations, examples (food, places, etc.) and the activities are based on the context of the learners in Angeles City and highlight Kapampangan ingenuity.

This contextualized activity-based learning exercises will help learners to enhance their content knowledge and to make the concepts more relatable. With this, learners are assured of learning materials that they can use during the face to face classes addressing their learning needs specifically on the critical contents.

**DEVELOPMENT TEAM**

**Writers**

English : Rita P. Bundalian
Filipino : Rochella C. David
Math : Ma. Esperanza S. Malang PhD
Science: Gemima A. Estrabillo EdD
AP : Ramil D. Dacanay
EPP/TLE : Josephine G. Figueroa PhD
EsP : Edgardo S. Nunag
MAPEH : Jeannieffer R. David

**Evaluators**

Ana Merla Magtoto, Agnes G. Manabat EdD, Ma. Tara Clemente, Leonida K. Quinto EdD, Amelita Pineda, Anastacia Nimfa Aquino, Cezar M. Hernandez, Ericson Cabrera, Emily F. Sarmiento PhD

Archiver : Dennis M. Bautista
Layout Artist : Noel S. Reganit

**Management Team:**

Ma. Irelyn P. Tamayo PhD., CESO V
Fernandina P. Otchengo PhD., CESE
Amando C. Yutuc PhD
Emily F. Sarmiento PhD

Published by the Department of Education – Angeles City

Office Address: Jesus St., Pulungbulo, Angeles City
Telefax: (045) 322 4106
E-mail Address: angeles.city@deped.gov.ph

| Grade 7 Lesson 7 | ENGLISH<br>Raising Sensible, Challenging, Thought-provoking Questions in Forums / Panel Discussion |
|---|---|

Name: ________________________________

## Quarter 3: Week 7

## Learning Competency with Code:

Raise sensible, challenging thought-provoking questions in public forums/panel discussions, etc. **( EN7OL-III-h-1.3.1)**



# ACTIVITY

Form group of five (5) members. Conduct a panel discussion on the topic **"The Effect of Social Media on Students' Lives".** Refer to the rubric on how you will be graded.

**Rubric for Scoring**

| | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Presentation of main idea | The main idea is very comprehensive, specific, and accurate. | The main idea is comprehensive, specific, and accurate. | The main idea is somewhat comprehensive, specific, and accurate. | The main idea is vague and inaccurate. |
| Presentation of supporting ideas | All important details are presented. | Most of the important details are presented. | Some of the important details are presented. | Only few or limited details are presented. |
| Organization of ideas | Ideas are connected and arranged logically. | Ideas are connected and mostly arranged logically. | Ideas are connected but not arranged logically. | Ideas are not connected and not arranged logically. |
| Quality of questions asked | Asks clear, sensible, and thought-provoking questions throughout the forum. | Asks clear, sensible, and thought-provoking questions most of the time. | Rarely asks clear, sensible, and thought -provoking questions. | Occasionally asks clear, sensible, and thought-provoking questions. |
| Grammar | No errors are observed throughout the discussion. | Minimal errors are observed throughout the discussion. | Some errors are observed during the discussion. | Many errors are observed during the discussion. |

## REFERENCES

https://www.rcampus.com/rubricshowc.cfm?code=W2WX6C8&sp=yes&
https://www.bustle.com/wellness/thought-provoking-questions-to-dig-deeper-in-conversation

| Grade 7<br>Aralin<br>6 | F I L I P I N O<br>Pagbubuod ng Tekstong Binasa |
|---|---|

Pangalan ________________________________

## Ikatlong Markahan: Ikaanim na Linggo
## Kasanayang Pampagkatuto at Koda:

Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan (F7PB-IIIf-g-17)

**Gawain 1**

1. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat.
2. Ipabasa ang sanaysay sa ibaba at ipabuod ito sa bawat pangkat sa pamamagitan ng dugtungang pagkukuwento. Isaalang-alang ang pangunahin at pantulong na kaisipan.

**Nang Maging Mendiola Ko Ang Internet Dahil Kay Mama**

Ni Abegail Joy Yuson Lee

(Ikalawang Gantimpala, Carlos Palanca Memorial Awards for Literature para sa Kabataan Sanaysay)

**Binigyan tayo ng Diyos ng bibig para makapagsalita at utak para makapag-isip.**

Iyan ang paulit-ulit na dayalogo sa akin ni Mama sa tuwing nalalaman niyang hindi na naman ako nagsalita upang ipagtanggol ang aking sarili. Ako kasi yaong tipo ng taong hindi nagsasabi ng tunay na nararamdaman at hinaing. Napag-isip-isip kong may punto naman siya doon. Tama naman talaga siya. Ginagamit natin ang ating mga bibig para maisalita kung ano ang ating mga saloobin kaagapay ang utak upang iproseso ang mga napapansin at kapansin-pansing mga bagay-bagay na nangyari sa ating paligid.

Ngunit, naisip ko, habang sinasabi na naman niya sa akin ang paborito niyang linya,paano naman kaya ang mga piping hindi naisasalita ang kanilang mga saloobin? O kaya, ang mga taong katulad ko na nahihiya o kung minsan ay natatakot isalita ang mga saloobin? Paano kaya nila sasabihin sa mga tao sa paligid nila ang kanilang mga
hinaing? Paano kaya nila maipararating ang kanilang mga nasasaisip. Paano kaya nila maipagtatanggol ang kanilang mga sarili laban sa iba? Hindi naman sa lahat ng oras ay nariyan ang mga taong nakauunawa sa bawat pagkumpas ng kanilang mga kamay at pagbabago ng ekspresyon ng kanilang mga mukha o ang mga simpleng pananahimik nila sa sulok ng bahay. Nagtataka ako. Paano kaya nila sasabihin ang mga gusto nilang sabihin kung ipinagkait sa kanila ang kakayahan at karapatang makapagsalita?

**Ang lahat naman ay magagawan ng paraan**, ang motto nga ni Mama. Salamat sa *internet*! Ito ang nagsilbing tulay ko upang maipahayag sa aking mga

kausap ang ilang mga bagay na hindi ko kayang maiparating nang tuwiran. Hindi ko man maisatinig palagi ang mga nais kong sabihin, maaari ko namang maisulat ang mga ito. Gamit ito, naipaparating ko sa aking mga kaibigan ang aking kasalukuyang kalagayan, opinyon, pananaw at mungkahi ukol sa ilang mga isyung personal at panlipunan.

Minsan nga ay nabasa ko ang ipinost ng isa kong kaibigan sa *Facebook.* Nanghihingi siya ng mga mungkahi sa kung anong magandang gawin ngayong bakasyon.

Marami ang nagbigay ng kanilang mga opinyon. May mga nagsabing magbabad na lamang sa pagfe- *Facebook*. May mga nagsabing maglaro na lamang daw sila ng mga *computer games*. Alam ko na mag-aaksaya lang sila ng panahon, pati na rin ng kuryente na nagbabadyang tumaas na naman ang halaga. Hindi ako sumang-ayon sa mga mungkahi nila. Sa una'y nag-aalinlangan akong magbigay ng opinyon pero nag-aalala ako na baka hindi nila magugustuhan ang sasabihin ko o baka hindi maganda ang magiging reaksiyon ng mga makakapansin sa aking isusulat. Ngunit, maya-maya ay napagpasyahan ko na magbigay na rin ng aking opinyon. Naisip ko, wala namang masama kung susubukan kong magtipa ng mga nais kong sabihin. Iyon ang unang pagkakataong nagbigay ako ng opinion maliban sa mga madalas kong iminumungkahi na hahaha,"tama," at kung ano-anong mga pangkaraniwang ekspresyon.

"Sulitin mo ang summer, kumain ka ng sorbetes o 'di kaya'y mag-*swimming* ka para ma-*enjoy* mo ang init ng panahon. Kung gusto mo'y pwede ka ring mag-*exercise,*
magiging *fit* ka pa niyan. Sumulat ng *blogs* tungkol sa iyong sarili o ilang mga tula tungkol sa iyong mga nararamdaman ngayong tag-init." Iba-iba ang naging reaksyon ng mga nakapansin sa sinulat ko. Marami ang naglike ngunit may ilan-ilang ding umalma. Gayunpaman, natuwa pa rin ako dahil marami ang nagsabing maganda ang mungkahi kong iyon. Kahit papaano'y naibahagi ko ang mga ideyang maaaring makatulong sa iba, hindi ba? Kaya simula noon ay ganap nang natanggal ang mga pag-aalinlangan kong magkomento o magpahayag ng aking mga opinyon, pati ang mga nais kong sabihin ay madalas ko na ring ipinopost sa *Facebook* at *Twitter.*

**Hindi dapat magkaroon ng diskriminasyon sa pagsasalita**, isa na naman iyan sa mga pahayag ni Mama.

Ang pahayag na iyon ni Mama ang nagpapaalala sa akin kung bakit hindi ako nag-aalangang maghayag ng aking saloobin sa *o* sapagkat ito ay hindi namimili ng tao. Sa madaling salita walang diskriminasyong nagaganap sa mundong ito. Lahat ay puwedeng gumamit nito. Bukas kasi sa publiko. Walang pinipiling taong gagamit. Mapabata, estudyante, mangangalakal, guro, doktor, mga kawani ng gobyerno, mga tagapag-ulat, manunulat, mga lolo't lola, maging ang mga may kapansanan – sinoman ay mamamangha sa dami ng pakinabang nito.

Siyempre, hindi magpapatalo ang mga kabataang tulad ko. Ito ngayon ang paraan ko at ng iba pang kabataan para ipaalam sa lahat ang reaksiyon, opinyon, at saloobin namin tungkol sa mga nangyayari sa aming paligid – pamilya, pamayanan, lipunan at mundo. Ang bawat titik na itinitipa namin sa kompyuter ay may

mahalagang mensahe. Umaasa kami na mapapansin ang mga ipinopost naming mga *blogs* sa internet, na kahit sa mundo ng *cyberspace* ay puwede naming baguhin ang realidad, na maaari naming gawing tama ang ilang mga maling napapansin namin sa paligid, at hindi lang kami basta-basta nagpapalipas ng oras gamit ito. Alam kong mapatutunayan namin ito.

Napag-isip-isip ko na kahit sa lipunan ay makatutulong kaming mga kabataan sa pamamagitan ng *internet*, hindi ba't kami rin naman ang sinasabing kinabukasan ng
ating bayan? Ang mga raliyista sa Mendiola ay nahihirapan na iparating ang kanilang mga hinaing sa pamahalaan. Nakapagsasalita man sila, hindi naman sila pinakikinggan ng gobyerno.

Nakatitiyak ako na gumagamit din ng *internet* ang pamahalaan at siguradong mababasa rin nila ang mga *blogs* na naka-*post* doon. Isa ako sa mga sumusuporta sa kanila kung alam kong tama ang ipinaglalaban nila. Lahat tayo'y umaasa na sa oras na mabasa ng may kapangyarihan ang mga reaksiyon at opinyon na inilalagay natin sa
internet ay malalaman nila at babaguhin ang kanilang mga pagkakamali.

**Ang *internet* ang nagsisilbing Mendiola ko at naming mga kabataan ngayon**

Ito na ang malayang kalsada na kung saan kami ay nagpapalitan ng iba't iba naming reaksiyon at kuro-kuro sa mga maiinit na isyu at pangkasalukuyang kaganapan ng ating lipunan. Dito na namin ipino-post ang mga naglalakihan naming plakards ng reaksiyon at hinaing. Dito na namin ipinapakalat ang mga nalilikha naming mga tula, sanaysay, at artikulong magbubukas ng isip sa kapwa-kabataan namin.

Hindi naman kasi totoong puro kompyuter at pagfe-*Facebook* na lang ang inaatupag ng lahat ng mga kabataan ngayon. Siguro nga'y napapansin na halos 'di kami matinag sa harap ng kompyuter pero hindi naman sa lahat ng oras ay naglilibang lang kami. Dala na rin siguro ng modernisasyon kaya nakasanayan na naming gumamit ng *internet* para maipahayag namin ang aming mga sarili – ang aming mga saloobin, mga pananaw, reaksiyon, at mga opinyon. Alam kong may pagkakatong hindi na rin namin makontrol ang aming mga sarili sa paggamit ng *internet,* at inaamin ko na nagkakamali kami, pero sana'y maunawaan ninyo na sa mga edad naming ito ay masyado kaming sensitibo, mausisa, at mapaglakbay sa totoong mundo at sa mundo ng *cyberspace*. Nais naming ilabas ang aming mga saloobin sa pamamagitan ng internet.

Tuwing kinakausap ako ni Mama noon ay nakikinig lamang ako sa kaniya. Para akong piping hindi nagsasalita kapag tinatanong niya ako kung ano ang opinyon at pananaw ko sa isang bagay. Hindi ko alam kung nag-aalala ako na baka mali ang masasabi ko o natatakot ako sa magiging reaksiyon niya. Pero ngayon, panatag ko nang nailalahad ang aking mga opinyon, pananaw, at mga nararamdaman kay Mama, at pati na rin sa mga taong malalapit sa aking buhay. Para akong piping natutong magsalita. Salamat kay Mama sapagkat natuklasan kong maging Mendiola ang *internet* na naging dahilan sa pagsasatinig at pagsasatitik ng aking mga saloobin. Malaking bagay na natuto akong ibahagi ang

aking nararamdaman, ideya, at karanasan dahil alam kong makatutulong din ang mga ito sa ibang tao. Ewan ko ba! Gumagaan ang pakiramdam ko sa tuwing naipahahayag ko ang aking nararamdaman dito.

Rubriks sa pagbibigay ng puntos:

| | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Buo at nauunawaan nang lubusan ang pinakadiwang nais ipahayag ng may akda. | Naunawaan ang karamihan sa ipinahahayag ng may-akda. May ilang bahagi na hindi maunawaan. | Nauunawaan ang nilalaman subalit may ilang naisamang detalyeng di kailangan at di maunawaan. | Maraming kulang na mahahalagang detalye. Hindi gaanong maunawaan ang nilalaman ng teksto. |
| Organisasyon | Napakahusay ng pagkakalahad at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. | Mahusay ang pagkakalahad subalit may ilang bahaging hindi gaanong maayos. | Di-gaanong maganda at maayos ang pagkakalahad. | Iilang bahagi lamang ang inilahad na pangyayari. |
| Istilo/Pagkamalikhain sa paglalahad | Napakahusay at kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit sa paglalahad. | Mahusay kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit ng paglalahad. | Di-gaanong kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit sa paglalahad. | Hindi kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit sa paglalahad. |

Sanggunian

Del Castillo, R. et al. 2014.. Panitikang Filipino 7 Lexicon Press, Inc.,116-118

| Grade 7 Lesson 2 | **SCIENCE**<br>Visual Representation of Object’s Motion |
|---|---|

Name: ________________________________

## Quarter 3: Week 2

## Learning Competency with Code:

- Create and interpret visual representation of the motion of objects such as tape charts and motion graphs **(S7PS-IIIb-2)**



### ACTIVITY 1


**I. Problem:** To analyze motion using strips of paper with dots and tape charts. Consider the situation below

***Situation:***

*You are one of the policemen in Angeles City assigned to investigate a hit-and-run case that happened on Angeles-Magalang Road. The suspect was captured by the CCTV camera installed at Roundabout Marquee Mall driving down the Road leading to the place of the incident. The suspect denied the allegation, saying she was driving very slowly at a constant speed. When you were viewing the scene on the camera, you noticed her car was leaving oil spots on the road. When you checked these spots on the road, it is still evident. So, you began to wonder if the spots can be used to investigate the motion of the car of the suspect and check whether she was telling the truth or not.*

**II. Materials**


strips with dots that represent the "oil drops" left by the car down the road, as shown below.





**III. Procedure**

1. Label each dot in the figure from 0,1,2,3, and so on. In the figure, each dot occurs every 1 second.

Figure 1




2. Photocopy the strips (or prepare similar strips) in Figure1, then cut the strips at each drop, starting from the first to the last drop. Paste the cut strips side by side in order to form a tape chart similar to what is shown in Figure 2, a sample tape chart.








Figure 2 -Sample Tape Chart
Source: Grade 7 LM Retrieved September 07, 2022 from Department of Education




Tape Chart
Source: graph paper.jpg Retrieved January 8,2021 from samplepaper.com

## IV. Questions

Refer to the prepared tape chart to answer the following questions.

1. How will you compare the distances between successive dots?

2. How do the lengths of the tapes compare in the chart?

3. If each tape represents the distance traveled by the object for 1 second, then what 'quantity' does each piece of tape provide?

4. What does the chart tell you about the speed of the car?

5. How will you relate speed to the lengths of two successive tapes per time?

6. The difference in length between two successive tapes provides the object's **acceleration** or its change in speed or velocity for a time interval of 1 second. What can you say about the acceleration of the moving car?

7. Do you think the suspect is telling the truth that she was driving very slowly with constant speed?

## REFERENCES


M. Poarch – 2003 http://science-class.net) (No date) Motion Graphs1

Retrieved from https://camillasenior.homestead.com/motion_graphs.pdf?fbclid=IwAR3sBsQPX8P

P8q6IVwr6QM1jfQXrAidWkKfKVYzHEBHofD2YoBR4qHggjmY

Graph from:

http://www.bbc.co.uk/schools/gcsebitesize/physics/forces/speedvelocityacceleration fhrev2.shtml)

(Bitesize National5 Velocity time graphs) Retrieved from

https://www.bbc.co.uk/bitesize/guides/zxrtw6f/test?fbclid=IwAR1hbzIOAV598xmbSw6DwllgJ5nm5cP6mQTEQfQa-UEQoqHO4m0IlnU9muI

Department of Education (2017). Science 7 Learner's Material. First Edition. Department of Education-Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

| Grade 7 Lesson 9 | **MATHEMATICS**<br>Sides and Angles of a Polygon |
|---|---|

Name ___________________________

# Quarter 3: Week 9

### Learning Competency with Code:

Solve routine and non-routine problems involving different types of numerical expressions and equations ( M7 GE-IIIj-1)



## Activity 1

A. Match column A with Column B, then on the boxes provided write the letter of the correct answer to each number.

What is the major landmark of Angeles City found in Bayanihan Park of the said place?

| **Column A** | **Column B** |
|---|---|
| T.Octagon | 1. 4 sides |
| K. Decagon | 2. 7 sides |
| A.Heptagon | 3. 3 sides |
| I Hexagon | 4. 7 sides |
| L.Triangle | 5. 10 sides |
| S.Quadrilateral | 6. 9 sides |
| O.Nonagon | 7. 8 sides |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |

A. Complete Me!

Complete the table

| Polygon | Number of sides | Sum of Interior Angles | Each interior angle of a regular polygon | Each exterior angle of a regular polygon |
|---|---|---|---|---|
| Triangle | | | $60^o$ | $120^0$ |
| Quadrilateral | | $360^0$ | | $90^0$ |
| Pentagon | 5 | | | $72^0$ |
| Hexagon | | $720^0$ | $120^0$ | |
| Heptagon | 7 | | $128.57^0$ | |



## Activity 2

Solve the given problems.

1. You received regular hexagonal jewelry storage from your mother as a birthday gift. If its perimeter is 120 cm, what is the measure of each side of the said storage?

2. You were assigned to measure all the interior angles of the heptagon. What is the sum of the measures of all its interior angles?

3. In your Mathematics group activity, you were assigned to measure the exterior angles of a regular octagon. What is the measure of each exterior angle of a regular octagon?

4. Your teacher gave you a 400 cm wire. She asked you to make a regular polygon out of it. Answer the following questions by completing the table.

   a. What is the measure of each side?
   b. What is the sum of its interior angles?
   c. What is the measure of each interior angle?
   d. What is the measure of each exterior angle?

| Polygon | The measure of each side | Sum of the interior angle | The measure of each interior angle | The measure of each exterior angle |
|---|---|---|---|---|
| Square | | | | |
| Pentagon | | | | |
| Decagon | | | | |

| Grade 7 Aralin 4 | ARALING PANLIPUNAN<br>Mga Karanasan at Implikasyon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig |
|---|---|

Pangalan ___________________________

## Ikatlong Markahan: Linggo: 4
## Kasanayang Pampagkatuto

*Natatalakay ang karanasan at implikasyon ng digmaang pandaidig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano (**Week 4, no code**)

**ANG *RED HOUSE* NG CANDABA, PAMPANGA**



Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, daan-daan at libo-libong mga kababaihan sa Asya ang naging biktima ng panggagahasa at nasangkot sa pagkakabilanggong sekswal mula sa kamay ng mga sundalong Hapones.

Ilan sa kanila ay nahingan na ng pagpapatawad at kompensasyon mula sa Pamahalaang Hapones.

Nais ng mga nakaligtas sa bangungot ng digmaan na kilalanin sila bilang mga biktima ng digmaan. Ang *BBC World News' Our World Program* ay nakausap ang mga naging biktima ng marahas na digmaan.

Ayon sa salaysay ng tagapag-alaga sa nasabing bahay, “sa gabi ay may mga masamang ispiritu na nakikita at nararamdaman ang aking nanay at kapatid na lalaki at nakakakita rin ng multo ng isang matandang babae sa tinatawag nilang “Red House”.

Ngayon ang mala-kulay dugo na mansiyon ay malapit nang gumuho subalit ang mga alaala ng karahasan na naganap sa loob nito ay hindi kukupas.

Si Lita at ang kanyang kapatid na si Mileng ay nakatira sa isang sitio sa Mapanique sa Candaba, Pampanga. Labintatlo at labinlimang taong gulang sila noon nang salakayin ng mga Hapones ang kanilang lugar noong 1944.

Pinatay ang mga kalalakihan at mahigit sa 100 mga kababaihan ang sapilitang dinala sa tinawag nilang “Red House” na ginawang kampo ng mga sundalong Hapones.

“Akala namin papatayin kaming lahat,” sabi ni Lita. Ngunit ang mga sundalong Hapones ay napakasigla. Nang magdilim ang kapaligiran, sinimulan nilang pagsamantalahan ang mga kababaihan. “Napakasakit na karanasan”, sabi ni Mileng.

Ipinakita ni Lita ang hagdanan ng pulang bahay papunta sa itaas kung saan sila pinagsamantahalan. “Nagpupumiglas ako habang iniipit ko ang dalawang hita ko, subalit sinuntok ako sa binti kaya wala akong nagawa at naidaos nila ang kanilang gusto.”

Ang magkapatid ay kabilang sa napakalaking operasyon ng karahasang sekswal sa makabagong kasaysayan. Tinatayang mahigit 200,000 na mga kababaihan ang ikinulong at libo-libo sa kanila ang pinagsamantalahan.

Ang kalakarang ito ng mga Hapones ay laganap sa mga bansang nasakop ng Hapon tulad ng Korea at China hanggang sa Burma (Myanmar), New Guinea at Pilipinas. Ayon sa isang manunulat-pangkasaysayan na si Ricardo Jose ng Pamantasan ng Pilipinas, ang pangyayaring ito ay bahagi ng isang malawakang plano ng mga Hapones.

Noong 1930, natuklasan na ang mga sundalong Hapones sa China ay walang habas na nagsasagawa ng pagsasamantala sa mga kababaihan doon.

Sa takot ng mga Hapones na mahawa sa mga *sexually transmitted diseases,* nagsagawa sila ng isang plano para maging maayos ang kanilang pagsasagawa ng karumal-dumal na gawaing ito. Nagtalaga sila ng grupo ng mga kababaihan na ang kanilang tungkulin lamang ay magbigay-aliw sa mga sundalo. Tinawag itong mga “*comfort women”*.

Si Estrelita ay labing-apat na taong gulang noon nang madakip sya ng mga sundalong Hapones at isinakay sa isang trak. Dinala siya sa isang himpilan at paulit-ulit at halinhinang pinagsamantalahan.

“ Hindi ko na matandaan kung ilang kalalakihan ang pumasok. Nang maramdaman ko ang sakit sa likod ako ay nagpumiglas,” ayon sa kanyang pagkakaalala. Nagtagal siya ng tatlong linggo sa pagkakapiit sa kampo.

“Isang nakakapangilabot na karanasan para sa mga *comfort women*”, ayon kay Jose.

Isang araw, ginising si Estrelita ng isang sundalong Amerikano. Nabawi na pala ng mga Amerikano ang Pampanga. Tumakas na pala ang mga Hapones. Umalis sya sa kampo at umuwi siya sa kanilang mga magulang.

Sa loob ng kalahating dekada, nanatiling tikom ang kanyang bibig at ni isang salita ay wala siyang ikinuwento sa kanyang asawa at mga anak. Subalit nang magsimula siyang makipagkita sa iba pang mga naging biktima ng mga sundalong Hapones at makipaglaban sa kanilang naging kaapihan, nagsimulang magtanong ang kanyang anak na babae na Lisa. Dito ay maluha-luhang isinalaysay ni Estrelita ang kanyang bangungot na nakaraan. Napahagulgol si Lisa nang marinig mula sa kanyang ina ang buong pangyayari. Dahil dito, nakibahagi siya sa samahan na nagsusulong na humingi ng katarungan sa sinapit ng mga *comfort women* sa kamay ng mga sundalong Hapones hindi lamang sa Pilipinas kundi sa iba pang mga bansa sa Asya na nasakop ng Hapon.

Noong 1993, humingi ng paumanhin ang pamahalaan ng Hapon at pinagsisisihan ang nagawang mga kamalian sa lahat ng mga naging biktima ng karumal-dumal na krimen na nagdulot ng malalim na sugat sa pisikal at isipan ng mga biktima bilang mga “*comfort women*”. Tumulong ang kanilang pamahalaan sa pangangalap ng pondo para sa mga biktima bilang bayad-pinsala.

Patuloy na humihingi ng tawad ang pamahalaan ng Hapon sa mga kababaihan sa Asya. Subalit para sa kanila malabo ang kanilang paghingi ng tawad at ang ipinapangakong tulong pinansiyal ay hindi sapat sa mga bangungot na dulot ng digmaan.

Tinatanong din nila ang Hapon sa kanilang katapatan tungkol sa sinabi ng isang mataas na opisyal ng Hapon na nagdududa sa lawak ng mga naging biktima ayon sa natanggap nilang datos.

Noong Pebrero 2016, sinabi ng *Deputy Foreign Minister* Shinsuke Sugiyama sa *UN committee* na walang malinaw na dokumento na magpapatunay na sapilitang pinagtrabaho ang mga kababaihan bilang mga *comfort women* noong panahon ng digmaan.

Ayon kay Estrelita, hindi sila titigil hanggat hindi nila nakakamit ang kaukulang hustisya para sa kanilang bangungot na sinapit.

## Gawain 1

**Panuto:** Punan ng mga impormasyon ang talahanayan tungkol sa artikulong nabasa sa itaas. Hanguin ang mga sagot sa kuwento at isulat sa talahanayan.

| **Ang "Red House" ng Candaba, Pampanga** | |
|---|---|
| **Sanhi** | **Bunga** |
| | |
| **Aral Pangkasaysayan:** | |

**SANGGUNIAN**


https://globalnation.inquirer.net/140321/the-horrors-of-red-house-in-pampanga

https://globalnation.inquirer.net/140321/the-horrors-of-red-house-in-pampanga#ixzz7k7fci2lL

| Grade 7/8<br>Aralin<br>5 | TECHNOLOGY AND LIVELIHOOD EDUCATION<br>Wrap Gift Items |
|---|---|

Pangalan ___________________________

# Quarter 0: Week 5
## Learning Competency with Code:

1.1 Tools are properly used. (TLE_HEHD7/8RP-0h-i-2)
1.2 Principles and elements of design are applied
1.3 Gift items are wrapped artistically
1.4 Decorative articles are applied to enhanced wrapped gift items.
1.5 Good working habits are observed.



# ACTIVITY 1

Directions: Prepare at least 2 kinds of gift wrapping. You can create original designs. Samples of gift wrapping are shown below.

Gift Bag
- Wrapping paper
- Tape
- Scissors
- Hole puncher (optional)
- Ribbon (optional)

1. Measure the width of your gift. Once you know how much paper you need, fold the wrapping paper in half. Seal with tape and fold the bottom end up.







2. Open the bottom end so the inside of the paper is revealed. Fold the left and right edges in, then fold the top and bottom in as well. Use tape to seal all the folds.








3. Flip the bag and open it. Place your gift in and fold the top over.





4. Punch holes and insert your ribbon to seal.







Gift Bag Wrapping Tips

To make sure that the gift bag you create holds up, keep these things in mind.

- Your bag should be twice as tall as it is wide.
- These gift bags are not recommended for items that are extremely tall and/or heavy.
- You can always add a piece of cardboard to the bottom of the bag to make it more sturdy.
- If something feels flimsy, add more tape!



https://www.pinterest.ph/pin/9077636721363307
/



https://modpodgerocksblog.com/diy-gift-bags/



https://modpodgerocksblog.com/diy-gift-bags/

| Rubric in preparing salted eggs. | 4<br>Very Satisfactory | 3<br>Satisfactory | 2<br>Needs Improvement | 1<br>Not Observed |
|---|---|---|---|---|
| 1. Tools are properly used. | | | | |
| 2. Principles and elements of design are applied. | | | | |
| 3. Gift items are wrapped artistically. | | | | |
| 4. Decorative articles are applied to enhanced wrapped gift items. | | | | |
| 5. Good working habits are observed. | | | | |

# REFERENCES


Most Essential Learning Competency Handicraft -Papercraft May 2020

https://grade7.modyul.online/tle-7-handicraft

https://www.gifts.com/blog/how-to-make-a-gift-bag-out-of-wrapping-paper

| Grade 7 Aralin 2 | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO<br>Paghubog ng mga Birtud |
|---|---|

Pangalan ___________________________

## Ikatlong Markahan: Ikalawang Linggo

### Kasanayang Pampagkatuto at Koda:


1.Napatutunayan na ang paulit -ulit na pagsasabuhay ng mga mabuting gawi batay sa mga moral na pagpapahalaga ay patungo sa paghubog ng mga birtud *(acquired virtues)*. EsP7PB-IIIb-9.3

2.Naisasagawa ang pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga at birtud na magpapa-unlad ng kanyang buhay bilang nagdadalaga/ nagbibinata. EsP7PB-IIIb-9.4

**GAWAIN 1:**

**Panuto**: Bigyang kahulugan ang birtud at pagpapahalaga sa pamamagitan ng pagsulat ng mga salita o konseptong kaugnay ng birtud at pagpapahalaga sa kahon.

Gawin ito sa sagutang papel.



**GAWAIN 2:**

**Panuto**: Lumikha ng islogan, tula o awit na magbibigay kahalagahan sa paglinang at pagtataglay ng birtud. Gawin ito sa isang buong papel o *bond paper*.

**Rubrik sa Pagmamarka**

| KRAYTIRYA | 10 | 8 | 5 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw na naipakita ang mensahe. | Hindi gaanong malinaw na naipakita ang mensahe. | Malabo ang mensahe ng islogan. |
| Pagkamalikhain | Maganda at angkop ang mga disenyong ginawa sa pagsulat ng mga titik. | Hindi gaanong maganda at angkop ang mga disenyong ginawa sa pagsulat ng mga titik. | Hindi malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. |
| Kaugnayan sa Paksa | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. | Hindi gaanong nakaugnay sa paksa ang islogan. | Kaunti lang ang kaugnayan ng Islogan sa paksa. |

## SANGGUNIAN


Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa Mag-aaral 2012, FEP Printing Corporation Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat, Deped Complex Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Department of Education – Region III,Schools Division of Bataan - Curriculum Implementation Division Learning Resources Management and Development Section (LRMDS)

Edukasyon sa Pagpapahalaga, Alternative Delivery Mode, 2020

EsP MELCs

| Grade 7 Lesson 5 | MUSIC<br>Music of Mindanao |
| --- | --- |

Name: ________________________________

# Quarter 3: Week 5

## Learning Competency with Code:

Discovers ways of producing sounds on a variety of sources that is similar to the instruments being studied **(MU7MN-IIIb-4)**

### LET US APPRECIATE IT!

Music plays very important role in our daily lives. Through music we can express sadness, happiness, love, and other emotions. The music of Filipinos showcases culture and tradition, not only that, Filipinos also showcase their resourcefulness in making different kind of musical instruments by using the locally available materials around their area. Some instruments have influences from other countries which colonized us or those nearby.

Mindanao musical instruments are played individually or by ensemble. Mindanao musical instruments are classified as Aerophones, Chordophones, Idiophones, and Membranophones.

### Activity No. 1

Create a musical instrument from Mindanao by using recycled or indigenous materials found inside your house or within nearby area. You may add some designs to your instrument.

**Recycled materials Example**: Maracas (plastic bottle) and pebbles)
**Indigenous Materials**: Flute(Bamboo and a material for.

**Ask help to your parents in doing and looking for materials.*

## Scoring Rubric in grading Improvised Musical Instrument

| Category | 10 pts | 6 pts | 4 pts | 2 pts | Score |
|---|---|---|---|---|---|
| Creativity/ Attractive ness | The instrument is totally original design, no element is an exact copy design seen in source material | Most of the instrument elements are unique but 1 element may be copied from source material | Some aspects of the instrument are unique but several are copied from source material or other students | The instrument is copy of seen in source material or one or made by another (80% or more elements are copied) | |
| Attractive ness | The instrument shows that creator took great pride in his/her work. The design and construction look carefully planned. The item is neat | The instrument shows that creator took great pride in his/her work. The design and construction look planned and has few flaws but bot detract from the overall look | The design and construction were planned. The item has several flaws that detract from over-all look | The instrument looks thrown together at the last minute. It appears that little design or planning was done | |
| Sources | The students have 5 or more materials of inspiration correctly cited | The students have 3-4 materials of inspiration correctly cited | The students have 2 materials of inspiration correctly cited | The students have fewer than 1 material of inspiration correctly cited | |
| Time and Effort | Time was used wisely. Effort went into planning | Time was used wisely. Students could put more time and effort | Time was not used wisely. Students did not put more effort | Class time was not used. Students did not put effort | |

**References:**


Learner's Material
*Horizons:Music and Arts 7*

*Learning Activity Sheet Module in Music 7 (Division of Angeles City)*

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education – Region III

**Schools Division of Angeles City**
Jesus St., Pulungpulu
Angeles City, 2009 Pampanga

Telephone No.: (045) 322-4101
Email Address: angeles.city@deped.gov.ph